MERON KA BANG MGA PROBLEMA *sa* IYONG TAHANAN?

Basahin ang iyong mga karapatan sa bansang ito







PARA MAKAHANAP NG TULONG PARA SA KARAHASAN SA TAHANAN DITO SA ESTADOS UNIDOS, TUMAWAG SA:

1-800-799-7233

Ang Kababaihan Dito Sa Estados Unidos Ay May Mga Karapatan!



Nilalaman

Itong librito ay nagbibigay liwanag kung paano ikaw at ang iyong mga anak makakakuha ng tulong para malagpasan ang karahasan sa tahanan. Basahin ang sumusunod na mga impormasyon:

Karahasan sa Tahanan..... 2–4

Batas Pang-Imigrasyon at Iyong Mga Karapatan Bilang Isang Biktima 5–8

Batas Pang-Pamilya at Iyong Mga Karapatan Tungkol sa Mga Utos Pang-proteksyon 9–11

Mga Benepisyo Pang-Kagalingan .. 12

Ipagbigay-alam ang iyong sarili!

Pag ikaw ay naging biktima ng pang-aabuso sa tahanan sa pamamagitan ng iyong partner, ikaw ay may karapatang makatanggap ng mga serbisyo, kahit ano ang katayuan ng imigrasyon mo dito sa Estados Unidos:

1. Mga serbisyo at mga programa na magbibigay ng proteksyon para sa mga nabiktima ng karahasan sa tahanan at ang kanilang mga anak.

2. Ang utos mula sa Korte upang ikaw at ang iyong mga anak ay mabigyan ng proteksyon sa iyong mapang-abusong partner.

3. Ang Korte ay maaaring magbigay sa iyo ng proteksyon ng iyong mga anak at suporta.

4. Ang isang atas ng diborsyo kahit na hindi sumasang-ayon ang iyong asawa.

5. Suporta mula sa pulisya.

6. Pang-emerhensiya na pangangalagang medikal.

7. Mga benepisyong pampubliko para sa iyong mga anak na mamamayan ng Estados Unidos.

8. Ang posibilidad na makakuha ng katayuan pang-imigrasyon kahit na walang suporta mula sa iyong partner sa isang kumpidensyal na paraan.

Kung ikaw ay isang tagataguyod o espesyalista ng imigrasyon at gusto mo ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga paksa na tinalakay dito, mangyaring pumunta sa http://www.niwap.org o tumawag sa (202) 274-4457.


Sa Estados Unidos, ang Pang-Aabuso ng Iyong Asawa o ng Iyong Partner ay Isang Krimen.



Karahasan Sa Tahanan

Ano ba ang Karahasan sa Tahanan?

- Ang Karahasan sa Tahanan ay isang huwaran ng mga pag-uugaling mapang-abuso na naglalayong magmanipula at magkontrol ng biktima.
- Itong mga pag-uugali ay maaaring may kasama na pisikal at sekswal na pang-aabuso pero maaari rin na ito ay mga pang-aabusong emosyonal at pananalita.
- Ang biktima ay pwedeng makaramdam ng takot, na wala siyang kontrol sa kanyang buhay, at pwede niyang sisihin ang kanyang sarili para sa naging abuso.



Ano ang mga Sanhi ng Karahasan sa Tahanan?

- Maraming kasyoso na mapang-abuso na hindi tumatanggap ng responsibilidad para sa kanilang mapang-abusong pag-uugali. Sa madalas na beses, sinisisi nila ang i-stress, pag-abuso ng alkohol, pagkawala ng kontrol, o ang pag-uugali ng biktima sa kanilang mga mapang-abusong aksyon.
- Ang mga biktima ng karahasan sa tahanan ay kadalasang mananatili sa mapang-abusong relasyon dahil sa pag-ibig, sa takot para sa kanilang buhay, sa takot para sa deportasyon, sa pag-alala sa kanilang mga anak, sa kakulangan ng estabilidad na pinansyal, at sa kakulangan ng suporta.

Mga taktikang pwedeng gamitin ng mga mapang-abuso para kontrolin ang kanilang mga biktima:

PANANAKOT: Nagbibigay takot sa biktima sa pamamagitan ng mga aksyon at puwersa, paninigaw o pagbabala.

PAGHIHIWALAY: Kinu-kontrol kung sino ang kasama ng biktima pag lumalabas siya, saan, kailan, at bakit. Hindi papayagan ang biktima na mag-aral ng Ingles, magmaneho, at maghanap ng trabaho. Hindi papayagan ang biktima na tumawag sa kanyang pamilya na nasa kanyang bansang tinubuan o nililimitahan ang biktima sa kanyang pakiki-ugnayan sa kapaligiran.

EMOSYONAL NA PANG-AABUSO: Pinupuna ang biktima sa kanyang katawan, katalinuhan, o kung paano niya pinipresenta ang kanyang sarili. Pinapaniwala ang biktima na wala siyang halaga at ang abuso ay dahil sa kanyang pag-uugali at mga aksyon.

MGA BANTA: Nagbabanta na tawagan ang pulis o ang opisina ng imigrasyon kung hindi susunod ang biktima sa mga utos. Nag-iimbento ng mga krimen at nililinlang ang biktima na makukulong siya. Nagbabanta na kukunin ang mga anak, didiborsyohan ang biktima, o hindi maghain ng mga papeles pang-imigrasyon o mag-atras ng kaso kung naisampa na.

KUMIKILOS TULAD NG PUNONG MALUPIT: Tinatrato ang biktima na parang tagasilbi, ginagawa ang lahat ng importanteng desisyon, at pinupwersa ang biktima na gumawa ng mga bagay na hindi niya gustong gawin.

PINANSYAL NA PANG-AABUSO: Hindi pinapayagan ang biktima na magtrabaho, pinupwersa ang biktima na magtrabaho labag sa batas, binibigyan ang biktima ng rasyon pero walang sobrang pera o kuwenta sa bangko, kinukuha ang sweldo ng biktima, at hindi binibigyan ang biktima ng pera o limitado lang.

SEKSWAL NA PANG-AABUSO: Pinupwersa ang biktima na makipagtalik kahit hindi niya gusto, tinatrato ang biktima tulad ng isang laruan at pinupwersa ang biktima na gumawa ng mga bagay na marumi na napapahiya siya.

GINAGAMIT ANG MGA ANAK: Sinisisi ang biktima na siya ang may kasalanan sa lahat na nangyayari sa kanyang mga anak. Iniinsulto ang biktima sa harap ng kanyang mga anak. Kinukuha ang otoridad ng biktima bilang magulang at pinipresenta nang masama ang biktima sa kanyang mga anak. Nagbabanta na isusumbong ang mga anak ng biktima sa opisina ng imigrasyon. Nagbabanta rin na isusumbong ang biktima sa opisina ng imigrasyon para maging deportado at nang hindi na makita ng biktima ang mga anak niyang muli.

Ang Karahasan sa Tahanan ay Nakakaapekto sa Iyong Mga Anak

Isang pangunahing pag-aalala para sa atin na mga magulang ay ang pagiging sigurado na ang ating mga anak ay makakaranas ng masayang pagkabata. Ang mga batang nakakasaksi sa abusong tinitiis ng kanilang mga magulang ay kadalasang naleleksyonan sa mga nasasaksihan.

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga kalalabasan sa pagkakasaksi ng karahasan sa tahanan para sa mga bata:

- Mababang pagtingin sa sarili, ang paniniwala na walang nagmamahal sa kanila at pagiging takot na nag-iisa lang sila.
- Pabigla-bigla at marahas na pag-uugali tulad ng pang-gugulpi, kumakagat, pang-tutulak, panlalait ng iba, at pagbabasag ng mga laruan.
- Kumikilos siya bilang isang matanda, sinusubukang lutasin ang mga problema sa pamilya, at sinusubukan na ikaw ay pagsabihan kung ano ang dapat gawin upang hindi ka na magkaroon ng mga problema sa iyong partner.
- Mababang marka sa paaralan, pagkakaroon ng bangungot, depresyon, pagiging mahiyain, pagkabalisa, pagkakaroon ng karamdaman sa pagkain, at hindi pagkatulog.
- Ang bata ay gumagamit ng mga masamang paraan, tulad ng mga droga, alkohol at mga planong maglayas, para makaiwas sa mga problema sa pamilya.
- Sinusubukang magpakamatay, sumasali sa isang gang, o nagpapakita ng pag-uugali ng isang criminal.

May tulong na magagamit para sa iyong anak. Tanungin ang isang tagataguyod sa pinakamalapit na silungan o programa para sa karahasan sa tahanan tungkol sa pagkuha ng propesyonal na pagpapayo. May mga espesyal na mga tagataguyod na tutulong sa iyong anak, kahit anuman ang katayuan ng kanyang imigrasyon.



Gawa-Gawa o Katotohanan



Pabula #1: Ang Karahasan sa Tahanan ay isang pribadong bagay na pangpamilya lamang.

Katotohanan: Ang Karahasan sa Tahanan ay isang krimen. Ikaw ay may karapatan sa parehong proteksyon at mga serbisyong natatanggap ng mga nabiktima ng pisikal o sekswal na pang-aabuso dito sa Estados Unidos.

Pabula #2: Ang mga babae ay responsable para sa abuso na dinudusa nila dahil sila ang pumukaw nito.

Katotohanan: Ang Karahasan sa Tahanan ay isang huwaran ng pag-uugaling ginagamit ng mga mapang-abuso upang magpataw ng kanilang kalooban at makontrol ang kanilang mga biktima. IKAW ay hindi responsable para sa pag-uugali ng iyong taga-abuso at IKAW AY HINDI karapat-dapat na inaabuso ninuman.

Pabula #3: Ang karahasan sa tahanan ay isang kinahinatnan ng alak o droga.

Katotohanan: Maraming mga mapang-abuso na hindi gumon sa alak o droga, gayon din naman, maraming mga indibidwal na gumon sa alak o droga na hindi mapang-abuso. Sa pangkalahatan, ginagamit ng mga mapang-abuso ang alak o droga bilang dahilan para sa kanilang karahasan sa halip na aminin ang responsibilidad para sa kanilang mga aksyon.

Pagplano ng Kaligtasan Para sa Mga Babaeng Imigrante *(Ang Iyong Kaligtasan ay Ang Pinaka-importanteng Bagay!)*

Gawa-gawa o Katotohanan

(Ang Katuluyan)



Pabula #4: Kung iiwanan ko, makukuha ng aking taga-abuso ang aking mga anak dahil wala akong mga papeles pang-imigrasyon.

Katotohanan: Sa pangkalahatan, ang hukom ay interesado sa pagprotekta ng mga bata at kanilang interes. Ang Korte ay isinasaalang-alang kung alinman sa mga magulang ay mapang-abuso patungo sa iba pang mga magulang o sa mga bata at tinitingnan ito bilang isang negatibong kadahilanan laban sa mapang-abusong magulang sa kaso.

Pabula #5: Kung wala akong mga papeles pang-imigrasyon, wala akong karapatang tumanggap ng serbisyong panlipunan at legal.

Katotohanan: Ang lahat ng mga imigranteng biktima ng karahasan sa tahanan, kahit anuman ang katayuan ng kanilang imigrasyon, ay may karapatan sa mga serbisyong pang-emerhensiya at mga serbisyong panlipunan galing sa mga ahensya ng gobyerno na nagbibigay serbisyo sa mga biktima ng karahasan sa tahanan.

Pabula #6: Kung tatawag ako sa pulis, i-dedeporte ako nila dahil wala akong mga papeles pang-imigrasyon.

Katotohanan: Ang pulis ay may mga obligasyon na protektahan ang mga biktima, kahit anuman ang katayuan ng kanilang imigrasyon. Kung hindi ka tatawag o makipag-usap sa pulis, hindi ka nila matutulungan. Ang pulisya ay maaaring ipagbigay-alam sa mapang-abuso na sa bansang ito ikaw ay may karapatan, at na hindi siya maaaring magkasala ng krimen laban sa iyo (o saktan ka) nang hindi siya maparusahan ng batas.

Ang lahat ng mga batas at mga programang panlipunan para sa mga nabiktima ng karahasan sa tahanan ay may isang pangkaraniwang misyon: na ikaw ay ligtas sa iyong sariling tahanan.

Ikaw ang susi upang matiyak ang tagumpay ng layuning ito!

Maging Aktibo, Mag-Isip nang Maaga!

Ito and mga payo na pwedeng makatulong sa iyo sa hinaharap:

• Planuhin kung paano makakatakas sa iyong bahay sa kaganapan ng pagtindi ng pisikal na karahasan.

- Isaulo ang mga numerong pang-emerhensiya katulad ng 911, at turuan ang iyong mga anak kung paano i-dayal ang 911. Magsagawa ng plano pang kaligtasan kasama ang iyong mga anak para alam nila kung paano kumilos sa kaganapan ng pagtindi ng karahasan.
- Maghanda ng isang bag na may pera, mga kopya ng mga susi sa bahay at kotse, mahalagang mga papeles kabilang ang mga orihinal o kopya ng iyong mga papeles pang-imigrasyon, pasaporte, mga sertipiko ng kapanganakan at iba pang mga dokumento mula sa iyong bansang pinagmulan, mga gamot na kakailanganin mo o ng iyong mga anak, atbp. Iwanan ang bag sa isang miyembro ng pamilya o tahanan ng isang kaibigan, sa simbahan o sa isa pang lugar na tingin mo ay ligtas sa kaso ng emerhensiya. Magiging mas madali at mas ligtas na umalis sa bahay sa kaso ng isang kagipitan na hindi ka nababahala tungkol sa pagkolekta ng mga bagay na kailangan mo.
- Makipag-ugnayan sa isang tagataguyod. Siya ay makakatulong sa iyo na pag-disenyo ng isang plano pang-kaligtasan para sa iyong sitwasyon. Kahit anong sabihin mo sa tagapagtaguyod ay kumpidensyal. Para sa isang tsart sa plano pang-kaligtasan, tingnan ang pahina 13.

Kung nais mo ng karagdagang impormasyon
tungkol sa mga lokal na serbisyo at kung paano makipag-ugnayan sa
isang lokal na tagapagtaguyod, tawagan ang libreng pambansang
emerhensiyang linya sa 1-800-799-Safe (7233).
Ang inyong tawag ay mahigpit na kumpidensyal.
Maaari mo ring bisitahin ang http://www.thehotline.org.

Proteksyon Sa Ilalim Ng Batas Pang-Imigrasyon

Legal na mga remedyo para sa mga imigranteng kababaihan at mga bata na nabiktima ng karahasan sa tahanan

Ang Violence Against Women Act (kilala rin bilang VAWA) ay naglalaman ng mga espesyal na probisyon pang-imigrasyon na pinuprotektahan ang mga imigranteng babae at ang kanilang mga anak. Ang mga sumusunod ay ang mga dokumento na kung saan ang VAWA ay maaaring protektahan ka at ang iyong mga anak:

1. Isang aplikasyon para sa pagpapaubaya na baguhin ang iyong katayuan bilang kondisyonalang residente sa katayuan ng permanenteng residente na walang tulong mula sa iyong mapang-abusong asawa at nang hindi na maghihintay ng dalawang taon.
2. Sariling-petisyon bilang isang inabusong asawa o anak ng isang mamamayan ng Estados Unidos o legal na permanenteng residente. Kwalipikado ang mga asawahang heterosekswal at parehong kasarian.
3. Sariling-petisyon bilang isang inabusong magulang ng isang mamamayan ng Estados Unidos o bilang legal na permanenteng residente na may edad 21 o mas matanda.
4. U visa para sa mga imigranteng nabiktima ng mga krimen ng karahasan.
5. Dokumento para makatrabaho para sa mga kababaihan at mga bata na pumunta sa Estados Unidos sa non-immigrant work visa ng kanilang mga asawa o magulang tulad ng A, E, G, at H.
6. Pagkansela ng pag-alis sa ilalim ng VAWA kung ikaw ay nasa paglilitis sa deportasyon.
7. Ang pagkakataon upang muling buksan ang iyong kaso sa paunang utos ng deportasyon kung kwalipikado ka para sa isang remedyo sa ilalim ng VAWA.

Ang Violence Against Women Act (kilala rin bilang VAWA) ay naglalaman ng mga espesyal na probisyon pang-imigrasyon na pinuprotektahan ang mga imigranteng babae at ang kanilang mga anak na nabiktima ng abuso.



Legal na mga Remedyo

1. **MGA PROTEKSYON PARA SA MGA IMIGRANTENG BABAE AT KANILANG MGA ANAK NA MAY LEGAL AT KUNDISYONAL NA KATAYUAN NG ISANG PERMANENTENG RESIDENTE**

- Kung ang iyong Legal Permanent Resident Card ay may "CR1", ito ay nangangahulugan na ikaw ay isang "kundisyonal" na permanenteng residente. Malamang na ang petsa ng pagkawalang-bisa sa kard mo ay mas mababa sa dalawang (2) taon mula sa petsa nang ito ay ibinigay.
- Ang sabi ng batas ay siyamnapung (90) araw bago ang anibersaryo ng iyong interbyu para sa legal na permanenteng paninirahan, ikaw at ang iyong asawa ay dapat magkasamang magpadala ng ilang dokumento upang maaari kang maging isang legal na permanenteng residente na walang kundisyon.
- Kung ikaw ay inabuso sa panahon ng iyong pag-aasawa, at ikaw ay isang kundisyonal na residente, maaari mong magawang mag-aplay para sa isang pagwawaksi, na papayagan kang mag-file para sa legal na permanenteng paninirahan nang walang tulong mula sa iyong asawa. Hindi mo na kailangang maghintay hanggang sa dalawang (2) taon pagkatapos ng pagkuha ng iyong kundisyonal na paninirahan. Sa sandaling malaman mo na ang iyong asawa ay hindi makakatulong sa iyo upang tapusin ang proseso ng imigrasyon at siya ay mapang-abuso, ikaw ay karapat-dapat na magsampa. Maaari mo ring isama ang iyong mga anak sa iyong aplikasyon para sa isang waiver o pag-ubaya.

2. SARILING-PETISYON SA ILALIM NG VAWA

Itong remedyo ay pinuprotektahan ang mga imigranteng biktima ng karahasan sa tahanan, na nagpapahintulot na makuha nila ang legal na permanenteng paninirahan sa Estados Unidos nang walang tulong mula sa kanilang mga mapang-abusong asawa o magulang bilang isponsor.

Sino ang Maka-Sariling-Petisyon Sa Ilalim ng VAWA?

May limang (5) bagay na kailangang mapatunayan ng mga imigranteng biktima. Tingnan ang buod sa sumusunod at tandaan ang ilang mga eksepsiyon na maaaring mag-aplay:

1. Pag-aasawa sa isang mamamayan ng Estados Unidos o isang legal na permanenteng residente:

a. Dapat mong mapatunayan na ikaw ay may asawa o nagka-asawa sa loob ng nakaraang dalawang (2) taon sa isang mamamayan ng Estados Unidos o sa isang legal na permanenteng residente ng Estados Unidos;

i. Kung ang iyong asawa, na mamamayan ng Estados Unidos, ay namatay sa loob ng nakaraang dalawang (2) taon, ikaw pa rin ang karapat-dapat.

ii. Kung ang iyong asawa ay nawalan ng katayuan sa loob ng nakaraang dalawang (2) taon dahil sa isang insidente ng karahasan sa tahanan ikaw ay karapat-dapat pa rin.

b. Mga bata na hindi pa dalawamput-isang (21) taong gulang ay maaaring mag-sariling-petisyon kung ang kanilang mga mapang-abusong magulang (byolohiko, nag-ampon, amain o inang pangaman) ay o naging sa loob ng nakaraang dalawang (2) taon isang mamamayan ng Estados Unidos o legal na permanenteng residente;

c. Kung ang iyong mga anak ay higit sa dalawamput-isang (21) taong gulang ngunit hindi pa dalawamput-limang (25) taong gulang, maaari silang maging karapat-dapat kung maaari nilang ipakita ang isang koneksyon sa pagitan ng hindi pagkakaroon ng oras para mapadala ang petisyon sa panahon na kailangang ipadala at ang mga pang-aabuso na naranasan nila.

2. Ikaw ay nag-asawa sa mabuting pananampalataya.

a. Kailangan mong mapatunayan na hindi ikaw ang may layuning magsagawa ng panloloko sa pamamagitan ng pagpasok sa kasalan para lamang makuha ang katayuang imigrasyon.

b. Kung ang mapang-abuso ay nakatuon ng bigamya (may asawa sa higit sa dalawang (2) indibidwal sa parehong panahon), ikaw ay maaaring maging karapat-dapat kung ikaw ay nag-asawa sa mabuting pananampalataya.

3. Ikaw at iyong asawa ay tumirang magkasama

- Mga sulat na ipinadala sa iyo, sa iyong partner o sa inyong dalawa, mga pahayag, mga bayarin, mga sulat mula sa may-ari ng bahay o mga kapitbahay na alam na nakatira ka sa iyong taga-abuso ay maaaring maging sapat na.

4. Ikaw ay nakapagdusa ng pisikal o sekswal na pang-aabuso o matinding kalupitan.

- Tandaan na kahit na hindi ka kailanman inabuso ng pisikal maaari ka pa ring maging karapat-dapat batay sa sikolohikal, pangkaisipan o emosyonal na pang-aabuso. Maaaring isama nito ang ukol sa pasalita, pangkaisipan, pangdamdamin, o mga pang-aabuso kaugnay sa imigrasyon.

5. Ikaw ay isang tao na may magandang moral na karakter.

- Kung ikaw o ang iyong mga anak ay nakagawa ng isang krimeng konektado o naging resulta ng pagiging isang biktima ng karahasan sa tahanan maaari ka pa ring maging kuwalipikado, ngunit dapat kang kumonsulta sa isang abogado bago ka magsampa ng kahit ano.

Upang maging karapat-dapat para sa mga proteksyon hindi mo na kailangang manirahan sa Estados Unidos. Kung ikaw o ang iyong mga anak ay nakatira sa labas ng Estados Unidos, maaari ka pa ring maging karapat-dapat ngunit marahil ikaw ay mangangailangan ng mga serbisyo ng isang eksperto ng imigrasyon.

3. PROTEKSYON PARA SA MGA INABUSONG MAGULANG SA ILALIM NG VAWA:

Kung ang iyong anak ay mas matanda sa isang indibidwal na dalawamput-isang (21) taong gulang at siya ay isang mamamayan ng Estados Unidos, at kung ikaw ay inabuso (o sumailalim sa matinding kalupitan) nito, maaari kang maging karapat-dapat para sa espesyal na proteksyon sa ilalim ng VAWA bilang isang magulang na inabuso ng kanyang anak na isang mamamayan ng Estados Unidos.

4. ANG U-VISA PARA SA MGA BIKTIMA NG ILANG MGA KRIMEN NG KARAHASAN:

Kung hindi ka maging karapat-dapat para sa sariling-petisyon sa ilalim ng VAWA ngunit ikaw ay naging biktima ng isang krimen ng karahasan tulad ng karahasan sa tahanan, panggagahasa, asultong sekswal, paniniktik, pangangalakal, pagkidnap, o iba pang mga marahas na krimen sa pamamagitan ng isang estranghero o ng iyong partner, nobyo/nobya, asawa, katrabaho, tagapag-empleyo, o sinuman, maaari kang maging karapat-dapat para sa iba pang mga remedyong imigrasyon katulad ng U-Visa.

Sino ang Kwalipikado para sa Isang U-Visa?

Upang maging karapat-dapat para sa isang U-Visa dapat mong mapatunayan ang mga sumusunod:

1. Ikaw ay naging biktima ng isang krimen ng karahasan at nagdusa ka ng makabuluhang pisikal o mental na pang-aabuso bilang resulta ng nasabing krimen.

Legal na mga Remedyo (Ang Katuluyan)

2. Mayroon kang impormasyon tungkol sa krimen.
3. Ang krimen ay naganap sa Estados Unidos o lumalabag sa mga batas ng Estados Unidos.
4. Ikaw ay naging, nagiging, o magiging kapaki-pakinabang sa pagsisiyasat o pag-uusig ng krimen. Napatunayan ng isang opisyal ng gobyerno na ikaw ay naging kapaki-pakinabang, ay nagiging kapaki-pakinabang o magiging kapaki-pakinabang sa isang pederal, estado, o lokal na opisyal na pagpapatupad ng batas, tagausig, hukom, opisyal ng imigrasyon o iba pang mga mamamahala ng goberyno – ang mga awtoridad na nagsisiyasat o nag-uusig ng nasabing krimen.
5. Ang katayuan ng imigrasyon ng taong umatake sa iyo ay walang kaugnayan sa iyong pagiging karapat-dapat para sa lunas na ito. Maaari mong isama ang iyong asawa at mga anak na maaaring makatanggap ng legal na katayuan ng imigrasyon sa pamamagitan ng pagkakasama sa iyong aplikasyon.

5. ESPESYAL NA PROTEKSYON PANG-IMIGRASYON PARA SA MGA BABAE AT KANILANG MGA ANAK SA VISA NG PANG-TRABAHO (HINDI IMIGRANTE) NG KANILANG MAPANG-ABUSO.

Maaari kang makakuha ng awtorisasyon pang-trabaho kung ikaw ay naabuso o sumailalim sa matinding kalupitan ng iyong asawa na nagdala sa iyo dito at kumuha ng visa para sa iyo batay sa kanyang visa pang-trabaho.

Kung ang iyong taga-abuso ay may anuman sa sumusunod na mga visa: Visa A (Diplomatic), E (iii) Treaty Trader, G (mga empleyado ng isang banyagang pamahalaan), o H (pangnegosyong visa ng maramihang mga kategorya) at sa panahon ng iyong pag-aasawa ay inabuso ka ng iyong asawa, maaari kang maging karapat-dapat para sa awtorisasyong pang-trabaho.

Ang probisyong ito ay hindi makakalikha ng kumpletong pagsasarili mula sa punong-guro na visa pang-imigrasyon na iyong taga-abuso, ngunit maaari itong makatulong sa iyo para maging karapat-dapat kang makatanggap ng pahintulot magtrabaho para ikaw at ang iyong mga anak ay maging mas independente tungkol sa mga pinansyal ninyo. Ito ay maaaring makatulong sa iyong paghahanap ng trabaho at sa kung saan maaari kang kumuha ng iyong sariling visa pang-imigrasyon o ito ay maaaring maging unang hakbang bago ka mag-aplay para sa isang U-visa.

Kung ang iyong taga-abuso ay mawawalan ng kanyang katayuang imigrasyon, o ikaw ay didiborsyohan niya, o babawiin nya ang visa niya, ikaw ay hindi na kwalipikado para sa isang awatorisasyong pang-trabaho. Mangyaring basahin ang seksyon tungkol sa U-visa upang makita kung maaari kang maging karapat-dapat para sa isang karagdagang lunas.

6. ESPESYAL NA NOTA PARA SA MGA IMIGRANTENG BABAE AT KANILANG MGA ANAK NA SA KASALUKUYAN AY NASA PAGLILITIS SA DEPORTASYON O NAKARANAS NG DEPORTASYON SA NAKARAAN

Kung ikaw ay pinigil ng Imigrasyon, at ikaw ay naging biktima ng karahasan sa tahanan maaari kang maging karapat-dapat para sa Pagkansela ng Pag-alis sa ilalim ng VAWA o para sa mga mag-U-Visa kahit na ikaw ay nasa pag-antala. Dapat mong sabihin sa isang opisyal ng imigrasyon na ikaw ay naging biktima ng karahasan sa tahanan at na ikaw ay may mga anak at ito ang dahilan upang hindi mabinbin. Magtanong para sa "Humanitarian parol." Tingnan ang apendiks para sa impormasyon ng kard.

Gayundin, kung natatakot ka para sa iyong buhay sa mga kaganapan ng pagiging deportado sa iyong bansang pinagmulan dahil ikaw ay inusig, ginahasa, naging biktima ng karahasan sa tahanan, naging biktima ng pagpinsala sa ari ng babae o inabuso dahil sa pagiging isang babae o dahil sa iyong mga paniniwala tungkol sa mga karapatan ng kababaihan, atbp., dapat mong ipaalam ito agad sa isang opisyal ng imigrasyon o hukom at humingi ng isang "gender asylum".

Maaari mong hilinging makipag-usap sa isang abogado kaagad o sa isang hukom na eksperto sa imigrasyon.

Tandaan, wala kang obligasyon para pumirma ng anumang dokumento at hindi ka dapat pumirma ng anumang bagay na walang payo galing sa iyong abogado. Kung pumirma ka ng mga dokumento nang walang pagkonsulta sa iyong abogado, maaaring maapektuhan nang negatibo ang pagkakataon mong manatili sa bansang ito na naaayon sa batas.

Panghuli, kung ikaw ay na-deport sa hangganan o sa Estados Unidos, o nahatulan ng ilang mga krimen, napakahalagang kumonsulta ka sa isang abogado o isang tagataguyod para sa mga biktima ng karahasan sa tahanan na eksperto sa imigrasyon tungkol sa iyong mga opsyon bago maghain ng anumang mga remedyo.

7. PROTEKSYON PARA SA MGA IMIGRANTENG BABAENG NAGDURUSA DAHIL SA PAG-UUSIG SA PAGIGING BABAE SA KANILANG BANSANG PINAGMULAN:

May mga batas pang-imigrasyon na pinuprotektahan ang mga tao kapag:

- sila ay nagdusa ng pag-uusig sa kanilang sariling bansa dahil sa pampulitika o panrelihiyong paniniwala, o para sa pagiging bahagi ng isang espesyal na grupong panlipunan;
- ang gobyerno ay bahagi ng pag-uusig at hindi ma-protektahan ang mga tao, at:
- mayroong isang mapatunayan na panganib na ang mga taong iyon ay maaaring mamatay o mapahirapan kung sila ay bumalik.

Kung ikaw ay nakaranas ng pagdurusa, panggagahasa, pangpipinsala ng genitalya, karahasan sa tahanan atbp. sa iyong sariling bansa o ikaw ay nai-usig dahil sa iyong paniniwala tungkol sa mga karapatan ng mga kababaihan at ikaw ay takot na bumalik dahil marahil makaranas ka naman ng pagdurusa o pwede kang patayin, maari kang humingi ng asilo rito.

Ang mga kasong ito ay masyadong mahirap na patunayan at dapat kang makipag-ugnayan muna sa isang abogado bago magpadala ng anumang mga aplikasyon para sa asilo.

Maaari kang makakuha ng awtorisasyon pang-trabaho kung ikaw ay naabuso o sumailalim sa matinding kalupitan ng iyong asawa na nagdala sa iyo dito at kumuha ng bisa para sa iyo batay sa kanyang bisa pang-trabaho.

Mga Tanong at Sagot tungkol sa mga Utos Pang-Proteksyong Sibil

ANO ANG ISANG UTOS PANG-PROTEKSYONG SIBIL?

Ito ay isang proseso na kung saan ang biktima ng karahasan sa tahanan na inabuso nang pisikal, tinakot ng abusong pisikal o may takot na magahasa ay maaring humiling sa isang hukom na utusan nito ang kanyang taga-abuso na itigil ang pang-abuso.

ANO ANG MANGYAYARI KAPAG HUMILING AKO NG UTOS PANG-PROTEKSYON

- Sa karamihan ng mga estado, sinusuri ng hukom ang iyong petisyon para sa proteksyon at kung siya ay nagpasya na may posibilidad na ikaw ay nakaranas ng panggagahasa, ang hukom ay magbibigay sa iyo ng pansamantalang proteksyon at i-iskedyul nito ang isang pagdinig upang magpasya kung ang proteksyon ay dapat na maging permanente.
- Sa panahon ng pagdinig para sa permanenteng proteksyon, ikaw at ang iyong taga-abuso ay dapat magpakita sa korte. Ikaw ay magkakaroon ng isang pagkakataon upang patunayan sa hukuman na ikaw ay ginahasa ng iyong partner at na kailangan mo ng proteksyon mula sa kanya sa hinaharap.
- Ang iyong taga-abuso ay magkakaroon din ng pagkakataon na ipagtanggol ang kanyang sarili laban sa iyong mga paratang.
- Kadalasan ang mga panggagahasa ay nagaganap sa loob ng tahanan. Maaari mong sabihin sa hukom kung ano ang nangyari. Kung mayroon kang mga sugat, napunit na damit, mga bagay na sinira ng taga-abuso mo, o ang mga tao na nakakita o nakarinig ng mga hiyaw mo, atbp., maaari mo itong itanghal sa hukom upang ang iyong mga paratang ay mas kapani-paniwala.
- Pinapayagan ng mga batas sa mga estados ang mga hukom upang bigyan ka ng maraming uri ng mga remedyo sa iyong utos pang-proteksyon kabilang ang: pag-alis ng taga-abuso mula sa bahay ninyong dalawa, pag-iingat ng iyong mga anak, pera para sa suporta ng mga bata at pag-aayos para sa mga bagay na nasira ng iyong taga-abuso. Ang mapang-abuso ay karaniwang makatanggap ng mga karapatang pagdalaw. Tanungin ang hukom para sa lahat ng mga bagay na kailangan mo upang malagpasan mo ang pag-abuso. Huwag kalimutang kumuha ng pagkakataong hilingin sa hukom na utusan niya ang iyong partner na ibalik ang iyong mga dokumento pang-imigrasyon, pasaporte, sertipiko ng kapanganakan, at iba pang mga mahalagang papel at ari-arian.

KUNG HINDI AKO MAHUSAY MAGSALITA NG INGLES, SINO ANG MAKAKATULONG SAKIN?

Mayroong mga tagapagtaguyod sa mga biktima ng karahasan sa tahanan na nagtatrabaho sa mga sentro ng karahasan pang-pamilya na maaaring makatulong sa iyo sa buong proseso. Ang ilang mga programa na pang-karahasan sa tahanan ay mayroong bilingual na tauhan o mga taong tagasalin. Dapat ka ring humiling ng isang tagasalin mula sa isang hukom na maaaring makasalin para sa iyo sa panahon ng pagdinig.

TATAWAGAN BA NG HUKOM ANG OPISINA NG IMIGRASYON O UTUSAN AKONG I-DEPORT KUNG HUMINGI AKO NG PROTEKSYON?

Hindi. Ang hukom na mamumuno sa pagdinig ng iyong utos pang-proteksyon ay hindi isang hukom pang-imigrasyon. Gayundin, ang hukom na ito ay hindi dapat alertuhan ang mga awtoridad ng imigrasyon dahil ang kanyang tungkulin ay tiyakin na ikaw at ang iyong mga anak ay ligtas at protektado.

ANG LAHAT NG MGA PAPELES PANG-IMIGRASYON KO AY NASA KANYA. ANO ANG MANGYAYARI SA AKING KASO SA IMIGRASYON?

Huwag kalimutang isama ang mga sumusunod sa utos pang-proteksyon na dapat gawin ng mapang-abuso:

1. Magpatuloy sa iyong kasong imigrasyon.
2. HINDI makipag-ugnayan sa mga opisyal ng imigrasyon.
3. Bayaran ang anumang hinaharap na mga karagdagang bayad na dapat mong bayaran para sa iyong aplikasyon pang-imigrasyon.
4. Pumirma ng isang dokumentong tinatawag na Freedom of Information Act (FOIA), upang ikaw ay makaalam kung saan na ba ang kasong imigrasyon ninyong dalawa at kung ano ang nasa file nitong kaso.
5. Ibigay ang iyong mga dokumento pang-imigrasyon, mga kopya ng kanyang pasaporte o green card, at iabot sa iyo ang mga kopya o mga orihinal na dokumento at mga ebidensya na maaaring kailanganin mo para mapatunayan ang iyong kasong imigrasyon kung ikaw ay nagpaplano maghain ng sariling-petisyon sa ilalim ng VAWA.

NAGBABANTA SIYA SA AKIN NA BABALIK SIYA SA KANYANG BANSA KASAMA ANG MGA ANAK KO KUNG HIHINGI AKO NG TULONG

Pakitiyak na ipahayag itong takot sa hukom. Posibleng may maisamang mga probisyon sa utos pang-proteksyon upang maiwasan ang internasyonalang pagkidnap ng mga anak ng isang magulang. Ang mga ito ay maaaring magsama ng pagbibigay sa iyong mga anak ng mga pasaporte, pag-post ng isang bono at ang pagpirma ng hukom ng isang utos na nagsasabi sa mga embahada ng bansa ng mapang-abuso na hindi bigyan ng visa o pasaporte ang iyong mga anak. Kung ikaw ay natatakot na ang panganib ay malamang na dumating agad, hilingin sa hukom na ang pabibisita ng mga bata ay pinamamahalaan.

KUNG MAGBAGO ANG AKING ISIP O GUSTO KONG MANIRAHAN KASAMA SIYA, PWEDE BA AKONG BUMALIK SA KANYA AT MAAARI PA RIN BA AKONG MAPROTEKTAHAN SA UTOS PANG-PROTEKSYON?

Oo. Maaari ka pa ring makatanggap ng isang utos pang-proteksyon kahit na patuloy kang naninirahan kasama siya. Uutusan nito ang iyong taga-abuso na hindi ka saktan, abusuhin o bantaan sa hinaharap. Kung ikaw ay hindi nakatira kasama siya sa pagtanggap mo ng utos pang-proteksyon at magbago ang iyong isip o nais mo nang manirahan kasama ng partner mo, maaari mong idagdag ang mga probisyong uutusan siyang hindi ka saktan, takutin o abusuhin. Gayunpaman, maaari mong hilingin na baguhin ng hukom ang utos pang-proteksyon upang mas mahusay na tumugon sa iyong mga kasalukuyang pangangailangan. Sa karamihan ng mga estado ang utos pang-proteksyon ay tumatagal sa pagitan ng isa (1) at tatlong (3) taon.



PROTEKSYON SA ILALIM NG BATAS PANG-PAMILYA

DITO SA ESTADOS UNIDOS, IKAW AY MAY KARAPATAN PARA:

- Humingi sa korte ng tulong na mayroon o walang isang trabaho, anuman ang katayuan ng iyong imigrasyon.
- Magsampa ng diborsiyo na wala ang kasunduan ng iyong taga-abuso at hilingin ang paghahati ng mga ari-ariang kayong dalawa ang may-ari.
- Mag-petisyon para sa isang utos pang-proteksyon na mayroon o walang isang probisyon na nagsasabing siya ay lumayo mula sa iyo. Maaari kang makakuha ng utos pang-proteksyon na bagaman plano mong manatili sa iyong taga-abuso.
- Mag-petisyon para sa suportang pang-anak at pang-asawa, kahit na kung ikaw o ang iyong partner ay walang katayuan pang-imigrasyon.
- Iwanan ang iyong bahay sa kaso ng panganib nang hindi mawawala ang iyong mga karapatan sa iyong mga anak o ari-arian.

MGA TIYAK NA BENTAHE NG ISANG UTOS PANG-PROTEKSYONG SIBIL

Bukod sa iba pa, ang utos pang-proteksyon ay maaaring maprotektahan ka sa mga sumusunod na paraan:

- Pagbawalan ang mapang-abuso (ang sumasagot) na mang-asulto, mang-ligalig at magbanta sa iyo at lumapit sa iyo, iyong mga anak o ang lugar ng iyong trabaho o lugar ng debosyon sa hinaharap.
- Pag-utusan ang mapang-abuso (ang sumasagot) upang iabot ang lahat ng kanyang mga armas (baril o armas) sa pulisya o sa mga tagapagtupad ng batas.
- Pag-utusan ang mapang-abuso (ang sumasagot) na ibalik niya ang lahat ng iyong mga ari-arian na nasa kanyang pag-aari at anumang iba pang mga bagay na nasa listahang inayos ng hukom na ibalik sa iyo.
- Utusan ang iyong mapang-abuso (ang sumasagot):
  - hindi makipag-ugnayan sa imigrasyon
  - na ipagpatuloy ang iyong kaso pang-imigrasyon
  - na isuko ang mga dokumentong kinakailangan para sa biktima sa sariling pag-petisyon sa ilalim ng VAWA, tulad ng kanyang social security number, sertipiko ng kapanganakan, alien number (A number), mga bayarin ng koryente at tubig sa kanyang pangalan, mga dokumentong nagpapatunay ng paninirahang magkasanib, mga sertipiko ng kapanganakan ng mga bata, mga sertipiko ng bautismo, sertipiko ng kasal, atbp.
- Humingi sa ilalim ng utos pang-proteksyon na may pinamamahalaang pagdalaw ng mga anak sa mapang-abuso (ang sumasagot) kung may panganib ng internasyonalang pagkidnap, at na ang mapang-abuso (ang sumasagot) ay magsauli ng mahalagang papeles tulad ng mga pasaporte ng mga anak.
- Humingi sa ilalim ng utos pang-proteksyon na magbayad ang mapang-abuso (ang sumasagot) ng suporta para sa anak. Maaari ka ring humiling ng suporta pang-asawa na magtatagal hanggang maaari ka ng magtrabaho nang legal.

Tandaan: matapos mong matanggap ang utos pang-proteksyon, dapat kang makipag-ugnayan sa isang tagataguyod upang bumuo ng isang plano pang-kaligtasan para sa kung ano ang mga hakbang na gagawin mo para ipatupad ang utos pang-proteksyon para may bisa ito at hindi lamang isang pirasong papel. Huwag kalimutang makipag-ugnayan sa isang tagataguyod at tumawag sa 911 kung lumalabag ang mapang-abuso (ang sumsagot) sa utos pang-proteksyon. Kapag ginawa mo ang tawag na ito, SABIHIN SA OPEREYTOR AT SA PULIS NA TUMUGON SA IYONG TAWAG NA MAYROON KANG UTOS PANG-PROTEKSYON.

MGA PAMPUBLIKONG TULONG PARA SA LAHAT NG MGA IMIGRANTE

Anuman ang katayuan ng iyong imigrasyon at dahil ikaw ay biktima ng karahasan sa tahanan, ikaw at iyong mga anak ay karapat-dapat para sa sumusunod na pampublikong tulong:

- Mga serbisyo tungo sa pag-iwas at interbensyon sa karahasan sa tahanan kabilang ang pagpapayo at ang karapatan na pumunta sa isang tahanan (silungan).
- Mga serbisyo tungo sa pabahay ng maikling termino tulad ng mga silungan pang-emerhensiya, palampasang pabahay para sa mga menor de edad, mga biktima ng karahasan sa tahanan at para sa walang bahay.
- Anumang uri ng tulong upang bantayan ang iyong buhay o ang iyong personal na kaligtasan.
- Mga kinakailangang serbisyong medikal upang mapangalagaan ang buhay at personal na kaligtasan tulad ng mga serbisyo tungo sa emerhensiya, mga serbisyo tungo sa kalusugan ng isip, serbisyo tungo sa pag-abuso ng droga, at mga serbisyo pang-kapansanan, atbp.
- Pampublikong kusina, mga programang pang-nutrisyon para sa mga matatanda, at mga serbisyo para sa mga taong may espesyal na pangangailangan.
- Sa sandaling ipadala mo ang iyong sariling-petisyon, habang ang iyong kaso ay pinagpapasyahan, kung lahat ng bagay ay nasa ayos, makakatanggap ka ng abiso mula sa imigrasyon na nagtatatag ng katayuang "prima facie" ng iyong kaso. Gamit ang abisong ito, magagawa mong mag-aplay para sa mga pampublikong benepisyo. Maaari kang makatanggap ng mga pampublikong benepisyo at tulong na pabahay at mga benepisyong pang-edukasyon agad-agad. Depende sa estado kung saan ka nakatira at kung ikaw ay sa Estados Unidos mula noong Agosto 1996, maaari ka rin makakuha ng iba pang mga pampublikong benepisyo.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa pinakamalapit na silungan o sentro tungo sa karahasan sa pamilya. Upang makuha ang numero ng telepono ng iyong lokal na silungan o sentro sa karahasan sa pamilya, mangyaring tawagan ang libreng linyang pang-nasyonalang emerhensiya sa 1-800-799-7233.
Maaari mo ring bisitahin ang http://www.thehotline.org.

Mga Layunin Para Sa Iyong Kaligtasan at Proteksyon

Ang talaang ito ay dapat lamang maging isang punto ng sanggunian at dapat itong mabago ayon sa iyong mga pangangailangan. Mag-isip nang mas maaga! Mas alam mo kaysa kahit sino kung paano maging ligtas. Mag-isip ng lahat ng mga posibleng mga sitwasyon na maaari mong maranasan at magplano nang naaayon.

MGA LUGAR	AKSYON	MGA IMPORTANTENG NUMERO AT TAO
SA TAHANAN	Iwasan ang mga saradong lugar kung saan hindi ka maaaring makatakas. Iwasan ang kusina kung saan mayroong mga potensyal na mga armas tulad ng mga kutsilyo, atbp. Iba pa:	Makipag-usap sa isang kapitbahay na iyong pinagkakatiwalaan at magbigay ng isang tiyak na senyas na nagsasabi sa kanya na siya ay kailangang tumawag sa pulis. Turuan ang inyong mga anak kung paano i-dial ang 911 at kung saan ligtas magtago kung mayroong karahasan.
SA TRABAHO		
SA ESKWELAHAN		
SA PAMILYA		
SA DAAN		
SA PANGKALAHATAN		

Kard Pang-Proteksyon para sa Mga Imigranteng Biktima ng Mga Krimen ng Karahasan

I have been abused by my partner. I do not wish to talk to you without calling an immigration lawyer. Please do not ask me any questions nor to sign any papers without my attorney being present.

Ako ay inabuso ng aking partner. Hindi ko nais na makipag-usap sa iyo nang walang pagtawag sa isang abogado ng imigrasyon. Mangyaring huwag magtanong sa akin ng anumang mga katanungan o hilinging pumirma ako ng anumang papeles nang wala sa harap ng aking abogado.

Telephone: 1-800-799-7233

Nilikha ng ASISTA, isang programa ng Iowa Coalition Against Domestic Violence, The National Immigrant Women's Advocacy Project (NIWAP), American University, Washington College of Law.

May-akda: Sonia Parras Konrad, Esq.
Iowa Coalition Against Domestic Violence/ASISTA

Lahat ng mga Larawan ay Pagmamay-ari ni Leslye E. Orloff, NIWAP

"Ang Pulyetong ito ay ginawa sa pamamagitan ng National Immigrant Women's Advocacy Project (NIWAP) sa American University, Washington College of Law at sinuportahan ng Grant Numbers 2005-WT-AX-K005 at 2011-TA-AX-K002 na iginawad sa pamamagitan ng Office of Violence Against Women, Office of Justice Programs, US Department of Justice. Ang mga opinyon, natuklasan, konklusyon, at rekomendasyong ipinahayag sa publikasyong ito ay sa mga may-akda at hindi kinakailangang sumalamin sa mga tanawin ng Department of Justice, Office of Violence Against Women."

© 2013 National Immigrant Women's Advocacy Project sa American University, Washington College of Law